



Pagkilala sa Pang-aabuso at Kapabayaang

Ang stress at pagbubukod ay maaaring magdulot ng panganib sa mga tahanan, kabilang na ang karahasan na maaaring hindi naman naging problema noon. Ang pang-aabuso at karahasan ay maaaring magdulot ng masamang epekto sa kalusugan at kalusugang pangkaisipan. Dapat kang manatiling mapagmasid sa pang-aabuso at kapabayaang sa lahat ng oras, pati rin sa mga panahon ng pagsasara ng komunidad at mga programa.

Anong Mga Palatandaan ang Dapat Kong Hanapin?

Mahalagang malaman ang mga palatandaan ng pang-aabuso dahil maaaring hindi masabi sa iyo ng isang tao kung ano ang nangyari o maaaring hindi niya namamalayang may pang-aabuso sa pakikipag-ugnayan.

• Pisikal na pang-aabuso:

- Mga pinsala sa ulo o mukha;
- Mga pagkasunog o pagkakapaso nang walang makatuwirang paliwanag;
- Mga hindi maipaliwanag na pinsala tulad ng mga hiwa, gasgas, pasa, o nabaling buto;
- Kapag ang paliwanag hinggil sa sanhi ay hindi tugma sa pinsala;
- Mga palatandaan ng pagpigil, tulad ng mga galos o pasa sa galang-galangan;
- Bali o nawawalang ngipin;
- Ang pagtanggap ng tagapag-alaga na makita mo nang mag-isa ang inaalagaan.

• Sekswal na pang-aabuso:

- Pagkakaroon ng pasa o pananakit sa paligid ng dibdib, ari o loob ng hita;
- Pananakit o pamamaga ng ari o puwitan;
- Hindi maipaliwanag na pagdurugo ng ari o puwitan;
- Anumang mga hiwa, sugat, o pinsala sa ari;
- Punit o duguang salawal o damit;
- Pagbubuntis o sakit na bunga ng pagtatalik sa isang taong may sapat na gulang na walang kakayahang magdesisyon ukol sa aspetong sekswal;
- Mga bagong pag-uugaling sekswal tulad ng pakikipaghalikan na bukas ang bibig, paggawa ng mga sekswal na gawain, madalas na pag-usapan ang sex;
- Bagong pag-uugali na paglalagay ng mga bagay sa ari o puwitan.

• Emosyonal na pang-aabuso:

- Mapagbanta, mapagmaliit o dominanteng pag-uugali ng tagapag-alaga na iyong nasaksihan;
- Bagong gawi na pag-uugoy, pagsususo o pag-uungol.

• Kapabayaang:

- Madalas na marumi, buhul-buhol ang buhok (matted hair), or nakasuot ng maruming damit;
- Kakulangan sa kalinisan ng ngipin;
- Napabayaang sugat o pangangalaga ng balat;
- Mga hindi pinuntahang medical appointment, kabilang ang para sa mga mahahalaga at malubhang karamdaman;
- Hindi maipaliwanag o hindi pangkaraniwang pagbaba ng timbang;
- Hindi malinis na kalagayan ng pamumuhay;
- Hindi ligtas na kalagayan ng pamumuhay, tulad ng kawalan ng init o lamig, o suplay ng tubig).

• Pang-aabuso sa pananalapi:

- Pagbibigay o “pagpapautang” ng pera sa mga hindi kilalang tao o bagong kakilala;
- Hindi karaniwan o hindi awtorisadong pag-withdraw mula sa mga account, kabilang pati ang ibang estado o negosyong hindi madalas puntahan.



Ang mga Bulletin hinggil sa Kalusugan at Kaligtasan ay ginawa ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad upang alertuhan ang mga direktang tagapaglaan ng serbisyo, kawani ng regional center, at iba pa tungkol sa mga partikular na panganib na kaugnay sa ating komunidad.

Ang mga indibidwal na may kapansanan ay nasa mas higit na panganib ng pang-aabuso at may posibilidad na maabuso nang madalas at mas mahabang panahon.

(DisabilityJustice.org)

Anu-ano pang mga Palatandaan ang Dapat Bantayan?

Mga Pagbabago sa Ugali o Mood

- Kalungkutan, madalas na pag-iyak;
- Ayaw makihalubilo sa mga tao, kabilang ang pagsasawalang-kibo;
- Bago at hayagang pagkabalisa tungkol sa pagiging kasama ng isang partikular na tao o pagpunta sa isang partikular na lugar ;
- Problema sa pagtulog, kabilang ang masamang panaginip;
- Bagong pananakit sa sarili.

Bakit Dapat Paigtingin ang Pag-iingat Habang Nagtatrabaho nang Remote?

- Ang mga indibidwal na tumatanggap ng mga panrehiyong serbisyo ay nasa mas higit na panganib ng pang-aabuso.
- Ang mga mas kakaunting koneksyon sa mga panlipunang sistema ng pag-suporta ay nakakabawas ng mga pagkakataong matukoy at maipagbigay-alam ang pang-aabuso.
- Ang karagdagang stress dahil sa krisis ay nagdudulot ng stress sa tagapag-alaga at karahasan sa tahanan.
- Dahil mas kakaunting bisita at pagkakataon ng indibidwal para makalabas, iilan lang ang maaaring makakita ng mga palatandaan ng pang-aabuso.
- Maaaring maging mahirap para sa mga tao na magsalita tungkol sa karahasan o kanilang pangangailangan ng tulong nang walang nakakarinig.

Nagbibigay ang Kagawaran ng CA para sa mga Serbisyong Panlipunan ng impormasyon tungkol sa mga lokal na pagsasanay kaugnay ng pagkilala ng pang-aabuso at mga panuntunan sa pag-uulat.

([Serbisyong Pamproteksyon sa May Sapat na Edad](#))

([Serbisyong Pamproteksyon sa Bata](#))

Nagbibigay rin ang Kagawaran ng Hustisya ng CA ng mga training video tungkol sa pag-uulat ng pang-aabuso. ([Ang Iyong Ligal na Tungkulin Bahagi 1](#)) ([Ang Iyong Ligal na Tungkulin Bahagi 2](#))

Pagkilala sa Pang-aabuso Gamit ang Telekomunikasyon

Pakikipag-ugnay sa Indibidwal

- Tila natatakot ba ang indibidwal sa tagapag-alaga? Pinapayagan ba ang indibidwal na makapagsalita para sa kanyang sarili?
- Tila may nararamdaman bang sakit ang indibidwal? Mukha bang “tulala” ang indibidwal?
- Magtanong tulad ng: “Ano ang ginawa mo sa bahay ngayong araw?”, “Ano ang paborito mong gawin sa bahay?”, at “Ano ang pinaka-ayaw mo?”
- Nag-aalangan ba ang indibidwal sa pagsagot dahil may ibang tao sa silid?

Pakikipag-ugnay sa Tagapag-alaga

- Umiiwas o pinipigilan ba ng mga tagapag-alaga ang ilang partikular na katanungan?
- Pakinggan kung paano ilarawan ng mga tagapag-alaga ang kanilang pakikipag-ugnay sa indibidwal. Nagpapahiwatig ba ang kanilang paglalarawan ng pagkadismaya sa indibidwal?
- Naobserbahang galaw ng katawan. Tila mas maligalig ba ang mga tagapag-alaga kaysa dati?

Kapaligiran sa Tahanan

- Kung gumagamit ka ng video call, bigyang pansin ang nasa likuran. May nakikita ka bang anumang panganib sa kaligtasan?
- Pakinggan ang ingay sa likod. May naririnig bang sigawan at hiyawan?



Ang mga Bulletin hinggil sa Kalusugan at Kaligtasan ay ginawa ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad upang alertuhan ang mga direktang tagapaglaan ng serbisyo, kawani ng regional center, at iba pa tungkol sa mga partikular na panganib na kaugnay sa ating komunidad.